6. Ulitin ang pagdilig ng Trichoderma 10 araw matapos malipat ang binhi mula sa punlaan sa tanimano field. Maghalo ng 2 paketeng Trichoderma (2x 250g) sa 128 litrong tubig. Tadaan dapat ang lupa ay basa kapag naglalagay ng abono at Trichoderma.
7. Maglayag ng kalahati lamang ng rekomendadong oraganikong pataba o chemical fertilizer.

**IV. Iba pang gulay at pakwan na diretsong isinasabog sa taniman – direct seeded**

1. Isama sa basal fertilizer – organic o chemical ang Trichoderma powder. Tandaan - 1 paketeng Trichoderma—500 sq.m.
2. Ilagay kaagad sa taniman ang fertilizer na may Trichoderma matapos maihalo ito.
3. Ulitin ang paglagay ng Trichoderma pagkaraan ng 15 araw. Ihalo ng mabuti ang 1 paketeng Trichoderma (250g) sa 64 litrong tubig.
4. Mabilis ang pagtubo at paglaki ng binhi kaysa dati kaya mabilis ang lipat tanim ng 7-10 araw kaysa pangkaraniwan. Madalas na magyayari ay walang sakit at matibay sa peste ang halaman kaya hindi kailangan gumamit ng pestisidyo.
5. Ulitin ang pagdilig ng Trichoderma kung may makitang peste o mga sakit.
6. Maglagay ng kalahati lamang ng rekomendadong organikong pataba o chemical fertilizer.

**Iba pang paraan ng paggamit ng Trichoderma**

1. Ihalo ang 1 paketeng Trichoderma (250g) sa 64 litrong tubig. Bayaan magkahalo sa loob ng 2-4 oras. Haluin para magkulay berde ang tubig.
2. Ilagay sa sprayer ang berdeng tubig at idilig sa 500 sq.m. Bayaang maiwan sa ilalim ng lalagyan ang mga solidong latak.
3. Kapag naubos na ang tubig, isama sa lupa ng taniman ang solidong latak ng naiwan ng tubig. Madami pa itong Trichoderma.

**V. Para sa punong namumunga – Papaya, Durian, Manga, lalo na kung may sakit ang puno**

1. Gumawa ng paikot na hukay sa lupa sa tapat ng dulo ng dahon ng puno.
2. Ihalo ang 10-20 o Trichoderma sa 10kg organikong pataba o Va kg triple 14 chemical fertilizers.
3. Ilagay ang pinaghalong Trichoderma at pataba sa paikot na hukay sa kada puno at tabunan ng lupa. Siguraduhing tigmak ng basa ang lupa bago ilagay ang abono at Trichoderma.

Ang babasahing ito ay inihanda ng
Office of the Provincial Agriculturist
Provincial Government of Camarines Norte.

**Address:**
2nd Floor Provincial Capitol Annex Building (Rear Side Center) Brgy. III, Daet, Camarines Norte

**Telephone No:**
(054) 721-0291

**Email Address:**
opagcamnorte@yahoo.com
opagcamsnorte@gmail.com

**Facebook:**
OPAg Camarines Norte

**Website:**
https://opagcamnorte.com

# Mga pakinabang at paraan ng pag-gamit ng

# TRICHODERMA HARZIANUM



Provincial Government of Camarines Norte
Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)
Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte
https://opagcamnorte.com
Facebook: OPAg Camarines Norte
Email: opagcamnorte@yahoo.com
Tel. No.: (054) 721-0291

**Mga pakinabang sa paggaamit ng Trichoderma**

1. Tipid sa abono, dapat gumamit lang ng kalahating rekomendadong dami ng abono, walang bawas sa ani at maaaring tumaas pa ng 10-30% sa dating ani.
2. Tipid sa binhi, kapag ginamit na balot sa buto, 95%-100% ang sibol ng 9 binhi, mababawasan ang kailangang binhing buto, mas marami at mahahaba ang mga ugat.
3. Mabilis ang paglaki ng halaman at mas maaga ang pag-ani ng 7-10 araw kaysa sa karaniwan.
4. Bawas ang gamit ng kemikal na pestisidyo dahil nagkakaroon ng resistensya ang halamang may Trichoderma.
5. Isang paraan para sa Organikong Pagsasaka: ihalo ang Trichoderma sa organikong pataba. Malakas ang resistensya sa sakit at peste. Maganda ang ani.

**Paraan ng paggamit ng Trichoderma**

**I. PALAY**

***A. Kung ihahalo sa binhi***

1. Ibabad sa tubig ang 50kg ng binhing palay ng 24 oras. Bayaang naka silid sa sako ang binhi habang nakababad sa tubig.
2. Patuluin ang sobrang tubig at pagkatapos ihalo ang 2 paketeng Trichoderma sa bawat 50kg sakong inbreed rice. Bayaang magkasama sa sako ang binhi at Trichoderma sa loob lamang ng 5-15 oras. Buksan ang sako upang lumabas ang init. Basain kada 3 oras ang binhi.
3. Isabog sa dapog o wet bed o sa palayan (direct-seeded). Ang binhing may Trichoderma ay higit na mabilis ang pagtubo at paglago kaysa dati kaya dapat na mabilis ang lipat tanim nito. Mas maraming ugat ang binhing palay subalit hindi ito mahirap bunutin dahil sa matigas ang ugat at buhaghag ang lupa.
4. Sa paraang sabog tanim mas mahusay kung maglalagay muna ng herbicide sa taniman bago isabog ang binhing palay upang hindi tumubo ang damo kasabay ng palay. Maari din na maglagay ng herbicide pagkaraan ng 7 araw na nakasibol na ang palay.

***B. Kung itatanim ang binhing Hybrid sa punlaan***

1. Ihalo ang 1 paketeng Trichoderma (250g) sa Organico Synthetic Fertilizer at ikalat ito sa lupa ng seedbed. Takpan ng lupa at diligin. Huwag galawin ng 3 araw. Sa Ikatlong araw, ipunla ang 20kg hybrid seeds sa punlaan.
2. Asahan nang tutubo lahat ang punlang buto at mahahaba ang ugat pero madaling bunutin.
3. Kung nais maghalo ng Trichoderma sa Hybrid Seeds, hugusan ng mabuti ang buto upang mawala ang kemikal na nakabalot sa hybrid seeds.

***C. Kung ididilig o iispray ang Trichoderma sa palayan***

1. Ihalo ang 3 paketeng Trichoderma sa 1 drum na tubig. Haluing mabuti ng mga 1-2 oras. Mapapansin na magiging berde ang kulay ng tubig. Kuhain ang berdeng tubig at idilig sa buong 1 ektarya ng palayan sa pagitan ng 1-30 araw matapos mag abono sa palayan na bagong lipat tanim.

**II. MAIS**

1. Ihalo ang 1 paketeng Trichoderma (250g) sa kalahati ng rekomendadong dami ng abono *(basal fertilizer)* na gagamitin sa 20kg binhing mais para sa isang ektaryang maisan. Ilagay ang magkahalong abono at Trichoderma sa tudling. Tabunan ng lupa at ilagay ang butil ng binhing mais. Tabunan muli ng lupa.
2. Pagkaraan ng 30-45 araw maglagay muli ng 1 paketeng Trichoderma (250g) sa natitirang kalahati ng rekomendadong dami ng pataba bilang side o top dress.

**III. Mga gulay na gumagamit ng punlaan (seedbed) - berdeng gulay at gulay na may bunga o buto, multiplier onion (sibuyas) at bawang.**

1. Maglagay ng 20-25kg organikong pataba sa punlaan na may sukat na 250 sq.m.
2. Ihalo ng mabuti ang 1 paketeng Trichoderma (250g) sa 64 litrong tubig (4 puno sprayer). Tanggalin ang nozzle at idilig sa punlaan na may organikong pataba. Kung power sprayer ang ginagamit huwag ng tanggalin ang nozzle.
3. Bayaan lumipas ang 2-3 araw bago isabog ang binhi para mapatay ng Trichoderma ang nagdadala ng sakit. Pagkaraan ng 3 araw, isabog ang mga buto sa punlaan.
4. Ulitin ang pagdilig ng Trichoderma sa punlaan pagkaraan ng 15 araw na mailagay ang binhi sa punlaan. Ihalo ng mabuti ang 1 paketeng Trichoderma (250g) sa 64 litrong tubig. Tanggalin ang nozzle at idilig sa punlaan na may organikong pataba. Kung power sprayer ang ginagamit huwag ng tanggalin ang nozzle.
5. Mabilis ang pagtubo at paglaki ng binhi kaysa dati kaya mabilis ang lipat tanim ng 7-10 araw kaysa pangkaraniwan. Madalas na mangyayari ay walang sakit na dadapo sa halaman at matibay sa peste kaya hindi kailangan gumamit ng pestisidyo. Organiko ang pamamaraan ng pagsasaka.